

Eternity's Great Gifts: Jesus Christ's Atonement, Resurrection, Restoration

By Elder Gerrit W. Gong
Of the Quorum of the Twelve Apostles

Mga Dakilang Kaloob ng Kawalang-hanggan: Pagbabayad-sala, Pagkabuhay na Muli, Pagpapanumbalik ni Jesucristo

Ni Elder Gerrit W. Gong
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

April 2025 general conference

We find in Easter in Jesus Christ peace, becoming, and belonging—that which is enduringly real and joyful, happy and forever.

Years ago, our early-morning gospel class memorized Bible verses. Naturally I was drawn to short passages. This included John 11:35—the shortest verse in scripture, only two words—“Jesus wept.”

For me now, that Jesus weeps in sorrow and joy testifies of the miraculous reality: the divine Son of God came into physical mortality and learned according to the flesh how always to be with and bless us.

When we cry out in grief or joy, Jesus Christ understands perfectly. He can be present in the moments when we most need eternity's great gifts: Jesus Christ's Atonement, Resurrection, restoration.

Mary and Martha weep for their brother Lazarus, who has died. Moved with compassion, Jesus weeps. He raises Lazarus to life.

Jesus beholds Jerusalem on the eve of the Passover. He weeps, unable to gather His people as a hen would her chicks. Today His Atonement gives us hope when we sorrow for what could have been.

The Lord of the vineyard weeps as He asks His servants, which could include us as minister-

Nakatatagpo tayo sa Pasko ng Pagkabuhay kay Jesucristo ng kapayapaan, ang maging at pagiging kabilang—na tunay na nagtatagal at puno ng galak, saya at walang-hanggan.

Ilang taon na ang nakalipas, nagsaulo ang aming early-morning gospel class ng mga talata sa Biblia. Siyempre mas gusto kong isaulo ang maiikling talata. Kabilang dito ang Juan 11:35—ang pinakamaikling talata sa banal na kasulatan—“Umiyak si Jesus.”

Para sa akin ngayon, ang pag-iyak na iyon ni Jesus dahil sa kalungkutan at kagalakan ay nagpapatotoo sa mahimalang katotohanan: ang banal na Anak ng Diyos ay nagkatawang-tao at natutuhan ayon sa laman kung paano tayo laging dadamayan at pagpapalain.

Kapag umiiyak tayo sa kalungkutan o kagalakan, ganap na nakauunawa si Jesucristo. Maaaring nariyan Siya sa mga sandaling lubos nating kailangan ang mga dakilang kaloob ng kawalang-hanggan: Pagbabayad-sala ni Jesucristo, Pagkabuhay na Muli, pagpapanumbalik.

Umiyak sina Maria at Marta dahil sa pagpanaw ng kanilang kapatid na si Lazaro. Sa matinding pagkahabag, umiyak si Jesus. Binuhay Niya si Lazaro.

Minasdan ni Jesus ang Jerusalem noong bisperas ng Paskua. Siya ay umiyak, dahil hindi Niya matipon ang Kanyang mga tao tulad ng pagtitipon ng isang inahing manok sa kanyang mga sisiw. Ngayon ang Kanyang Pagbabayad-sala ay nagbibigay sa atin ng pag-asa kapag nagdadalamhati tayo sa mga bagay na maaaring mangyari.

Ang Panginoon ng olibohan ay umiiyak habang nagtatanong Siya sa Kanyang mga

ing brothers and sisters, “What could I have done more for my vineyard?”

Mary stands bereft at the sepulchre. Jesus gently asks, “Why weepest thou?” He knows “weeping may endure for a night, but joy cometh in the morning.” Resurrection brings dawn for all.

In Book of Mormon lands, as the faithful multitude arises to Him, Jesus’s joy is full. He weeps.

“And he took their little children, one by one, and blessed them, and prayed unto the Father for them.

“And when he had done this he wept again.”

This is Easter in Jesus Christ: He answers the longings of our hearts and the questions of our souls. He wipes away our tears, except our tears of joy.

When our tears flow, we sometimes apologize, embarrassed. But knowing that Jesus Christ understands life’s pains and joys can give us strength beyond our own as we navigate bitter and sweet.

In South America, a father sobs. A sparkle in his life, his young daughter, has died. “I would give anything to see her again,” he cries in my arms. I cry too.

At the Puebla Mexico Temple dedication, tears of happiness wet the face of a dear sister. Her features radiate faith and sacrifice. She says, “Todos mis hijos están aquí en el templo hoy”—“All my children are here in the temple today.” Generations gathered in the house of the Lord bring tears of joy and gratitude.

In cruel civil war, families and neighbors did unspeakable things to each other. Bitter tears are slowly giving way to hope. Her voice trembling, a woman in a small village says, “Neighbor, before I go to my grave, I want you to know where to find your missing family members.”

tagapagsilbi, na maaaring kabilang tayo bilang mga ministering brother at sister, “Ano pa ba ang magagawa ko para sa aking olibohan?”

Umiiyak sa pagdadalamhati si Maria na nakatayo sa tabi ng libingan. Magiliw na nagtanong si Jesus, “Bakit ka umiiyak?” Batid Niya na “maaaring magtagal nang magdamag ang pag-iyak, ngunit sa kinaumagahan ay dumarating ang galak.” Ang pagkabuhay na muli ay nagdadala ng buwang-liwayway para sa lahat.

Sa lupain ng Aklat ni Mormon, nang tumayo sa harapan Niya ang matatapat, si Jesus ay napuspos ng kagalakan. Siya ay umiiyak.

“At kinuha [Niya] ang kanilang maliliit na anak, isa-isa, at binasbasan sila, at nanalangin sa Ama para sa kanila.

“At nang magawa na niya ito, siya ay muling tumangis.”

Ito ang Pasko ng Pagkabuhay kay Jesucristo: Tinutugon Niya ang mga inaasam ng ating puso at ang mga tanong ng ating kaluluwa. Pinapahid Niya ang ating mga luha, maliban sa ating mga luha ng kagalakan.

Kapag umiiyak tayo, humihingi tayo kung minsan ng paumanhin, nahihiya tayo. Ngunit ang malaman na nauunawaan ni Jesucristo ang mga pasakit at kagalakan ng buhay ay makapagbibigay sa atin ng lakas na higit pa sa ating sarili habang nararanasan natin ang pait at tamis ng buhay.

Sa Timog Amerika, isang ama ang umiiyak. Ang galak ng kanyang buhay, ang kanyang batang anak na babae, ay namatay. “Ibibigay ko ang lahat para makita ko siyang muli,” pag-iyak niya sa akin. Umiiyak din ako.

Sa paglalaan ng Puebla Mexico Temple, napaiyak sa kaligayahan ang isang butihing babae. Ang kanyang kaanyuan ay nagpapakita ng pananampalataya at sakripisyo. Sabi niya, “Todos mis hijos están aquí en el templo hoy”—“Lahat ng anak ko ay narito sa templo ngayon.” Ang mga henerasyong nagtitipon sa bahay ng Panginoon ay nagdudulot ng mga luha ng kagalakan at pasasalamat.

Sa isang malupit na digmaang sibil, ang mga pamilya at magkakapitbahay ay gumawa ng mga karumal-dumal na bagay sa isa’t isa. Ang mga luha ng paghihinagpis ay unti-unting napawi na nagbigay-daan sa pag-asa. Sa nangangatal na tinig, sinabi ng isang babae na mula sa isang maliit na nayon, “Kapitbahay, bago ako pumanaw, gusto kong malaman mo kung saan matatagpuan ang

A radiant bride and handsome groom are being sealed in the house of the Lord. She is 70 years old, as is he. A beautiful bride, she has worthily waited for this day. She shyly swishes her bridal dress this way, then that way. We shed joyful tears. God's promises are fulfilled. His covenants bring blessings.

While home teaching a widowed sister, a young Boyd K. Packer learned a tender lesson. Following a disagreement with her husband, the sister had called out a final hurtful remark. An unexpected accident took her husband's life that day. "For fifty years," the widow sobbed, "I've lived in hell knowing that the last words he heard from my lips were that biting, spiteful remark."

Easter in Jesus Christ helps us mend, reconcile, make right our relationships, on both sides of the veil. Jesus can heal grief; He can enable forgiveness. He can free us and others from things we or they have said or done that otherwise bind us captive.

Easter in Jesus Christ lets us feel God's approbation. This world tells us we are too tall, too short, too wide, too narrow—not smart, pretty, or spiritual enough. Through spiritual transformation in Jesus Christ, we can escape debilitating perfectionism.

With Easter joy, we sing, "Death is conquered; man is free. Christ has won the victory." Christ's Resurrection frees us from death, from time's frailties and physicality's imperfections. Jesus Christ's Atonement also restores us spiritually. He bled from every pore, weeping blood as it were, to provide us escape from sin and separation. He reunites us, whole and holy, with each other and God. In all good things, Jesus Christ restores abundantly—not only what was but also what can be.

mga nawawala mong kapamilya."

Isang masaya at magandang bride at gwapong groom ang ibinuklod sa bahay ng Panginoon. Ang babae ay 70 taong gulang, at ganoon din ang lalaki. Isang magandang bride, siya ay naghintay nang karapat-dapat para sa araw na iyon. Nahihiyang ikinampay-kampay niya ang kanyang damit-pangkasal. Napaluha kami sa kagalakan. Ang mga pangako ng Diyos ay natutupad. Ang Kanyang mga tipan ay naghahatid ng mga pagpapala.

Habang nagho-home teaching sa isang balo- ng babae, natutuhan ng batang si Boyd K. Packer ang isang magandang aral. Kasunod ng pakikipagtalo sa kanyang asawa, nagbitiw ng masasakit na salita ang babae. Isang hindi inaasahang aksidente ang kumitil sa buhay ng kanyang asawa sa mismong araw na iyon. "Sa loob ng limampung taon," paghikbi ng balo, "parang impiyerno ang buhay ko dahil ang huling mga salita na narinig niya mula sa akin ay masasakit at puno ng pagkapoot."

Ang Pasko ng Pagkabuhay kay Jesucristo ay tumutulong sa atin na makipag-ayos, makipagsundo, ayusin ang ating mga relasyon, sa magkabilang panig ng tabing. Malulunasan ni Jesus ang pagdadalamhati; magpapatawad Siya. Mapapalaya Niya tayo at ang iba mula sa mga bagay na nasabi o nagawa natin o nila na gumagapos sa atin sa pagkabihag.

Ang Pasko ng Pagkabuhay kay Jesucristo ay nagpapadama sa atin ng pagsang-ayon ng Diyos. Sinasabi sa atin ng mundong ito na tayo ay masyadong matangkad, maliit, mataba, payat—hindi matalino, hindi maganda, o hindi sapat ang espirituwalidad. Sa pamamagitan ng espirituwal na pagbabago kay Jesucristo, matatakan natin ang nagpapahinang perpeksiyonismo.

Sa kagalakan sa Pasko ng Pagkabuhay, in-aawit natin, "Malaya na ang tao. Nagtagumpay si Cristo." Ang Pagkabuhay na Muli ni Cristo ay nagpapalaya sa atin mula sa kamatayan, mula sa mga kahinaan at kapansanang pisikal. Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay nagpapanumbalik din sa atin sa espirituwal. Ang Kanyang dugo ay lumabas sa bawat butas ng Kanyang balat, umiiyak ng dugo, upang makatakas tayo mula sa kasalanan at pagkahiwalay. Muli Niya tayong pinagkakaisa, nang buo at banal, sa isa't isa at sa Diyos. Sa lahat ng mabubuting bagay, nagpapanumbalik si Jesucristo nang sagana—hindi lamang ang dating tayo kundi pati na rin ang

Jesus's life and light testify of God's love for all His children. Because God our Father loves all His children in every age and land, we find His loving invitation to come find peace and joy in Him in many traditions and cultures. Wherever, whenever, whoever we are, we share divine identity as children of the same Creator. In similar spirit, followers of Islam, Judaism, and Christianity share religious heritage in Father Abraham and covenant connection through events in ancient Egypt.

Father Abraham came to Egypt and was blessed.

Joseph, sold into servitude in Egypt, knew Pharaoh's dream meant seven years of plenty followed by seven years of famine. Joseph saved his family and his people. Joseph wept when he saw God's larger plan, where all things work together for good for those who keep their covenants.

Moses, raised in Egypt in Pharaoh's household, received and later restored the keys for the gathering of God's children.

Fulfilling prophecy, Joseph, Mary, and the infant Christ child sought refuge in Egypt. In Cairo, a devout Muslim believer reverently says: "The Quran teaches that Joseph, Mary, and the baby Jesus found safety and sanctuary in my country. In my country, Jesus as a toddler ate our food, took His first steps, said His first words. Here in my country, we believe trees bent low to give Him and His family fruit. His being in my country blessed our people and land."

God's plan of moral and mortal agency allows us to learn by our own experience. Some of our greatest life lessons come from things we would never choose. In love, Jesus Christ descended below and ascended above all things. He rejoices in our divine capacities for creativity and delight, kindness without hope for reward, faith

buong potensiyal natin.

Ang buhay at liwanag ni Jesus ay nagpapatotoo sa pagmamahal ng Diyos para sa lahat ng Kanyang mga anak. Dahil mahal ng ating Diyos Ama ang lahat ng Kanyang mga anak sa lahat ng panahon at lupain, makikita natin ang Kanyang magiliw na paanyaya na lumapit at makatagpo ng kapayapaan at kagalakan sa Kanya sa maraming tradisyon at kultura. Saanman, kailanman, sinuman tayo, iisa ang banal na identidad natin bilang mga anak ng iisang Lumikha. Sa diwang iyan, ang mga tagasunod ng Islam, Judaismo, at Kristiyanismo ay pare-parehong nakatanggap ng sagradong pamana mula kay Amang Abraham at kabahagi ng tipan sa pamamagitan ng mga pangyayari sa sinaunang Egipto.

Si Amang Abraham ay pumunta sa Egipto at napagpala.

Alam ni Jose, na ipinagbiling alipin sa Egipto, ang panaginip ng Faraon tungkol sa pitong taon ng kasaganaan na susundan ng pitong taon ng taggutom. Nailigtas ni Jose ang kanyang pamilya at ang kanyang mga tao. Umiyak si Jose nang makita niya ang mas malaking plano ng Diyos, kung saan lahat ng bagay ay kumikilos sa ikabubuti ng mga tumutupad sa kanilang mga tipan.

Si Moises, na lumaki sa Egipto sa sambahayan ng Faraon, ay tumanggap at ipinanumbalik kalaunan ang mga susi para sa pagtitipon ng mga anak ng Diyos.

Bilang katuparan ng propesiya, sina Jose, Maria, at ang sanggol na si Cristo ay kumanlong sa Egipto. Sa Cairo, isang debotong Muslim ang mapitagang nagsabi: "Itinuturo ng Quran na sina Jose, Maria, at ang sanggol na si Jesus ay nakahanap ng kaligtasan at santuwaryo sa aming bansa. Sa bansa namin, si Jesus bilang isang sanggol ay kumain ng aming pagkain, natutong maglakad, bumigkas ng Kanyang mga unang salita. Dito sa bansa namin, naniniwala kami na ang mga puno ay yumuyukod para magbigay sa Kanya at sa Kanyang pamilya ng bunga. Napagpala ang aming mga tao at lupain noong narito Siya sa aming bansa."

Ang plano ng Diyos tungkol sa moral at mortal na kalayaang pumili ay nagbibigay-daan sa atin na matuto sa pamamagitan ng ating sariling karanasan. Ang ilan sa ating mga pinakadakilang aral sa buhay ay nagmumula sa mga bagay na hindi natin pipiliin. Dahil sa pagmamahal, si Jesucristo ay nagpakababa-baba sa lahat ng bagay

unto repentance and forgiveness. And He weeps in sorrow at the enormity of our human suffering, cruelty, unfairness—often brought by human choice—as do the heavens and the God of heaven with them.

Each Easter spring season testifies that spiritual sequence and convergence are both part of the divine pattern of atonement, resurrection, and restoration through Jesus Christ. This sacred and symbolic convergence comes not by accident or coincidence. Palm Sunday, Holy Week, and Easter celebrate Christ's Atonement and Resurrection. As today, every April 6 we commemorate the establishment and organization of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints. This Restoration is a reason we gather the first Sunday each April in general conference.

Restoration also came as the resurrected Jesus Christ, Moses, Elias, and Elijah returned priesthood keys and authority at the newly dedicated Kirtland Temple on Easter Sunday, 1836. In that setting on that day to the restored Church of Jesus Christ came God's authority and blessings to gather His children, prepare His children to return to Him, and unite families for eternity. Restoration that day fulfilled prophecy by occurring both on Easter and Passover.

Including the Kirtland Temple, I recently visited sacred places in Ohio where the Prophet Joseph and others saw in vision God our Father and His Son, Jesus Christ. The Prophet Joseph saw what heaven is like. In heaven, Heavenly Father, through Jesus Christ, "saves all the works of his hands" in a kingdom of glory. The only exceptions are those who willfully "deny the Son after the Father has revealed him."

As His mortal ministry began, Jesus declared

at dinakila sa lahat ng bagay. Nagagalak Siya sa ating banal na kakayahan na maging malikhaing at masaya, sa ating kabaitan na walang inaasam na gantimpala, sa ating pananampalataya tungo sa pagsisisi at kapatawaran. At umiiyak Siya sa kalungkutan dahil sa ating napakatinding pagdurusa, kalupitan, kawalang-katarungan—na kadalasang dulot ng pagpili ng tao—pati ang kalangitan at ang Diyos ng langit.

Bawat Pasko ng Pagkabuhay sa panahon ng tagsibol ay nagpapatotoo na ang magkakasunod na espirituwal na kaganapan at pagkakaugnay ay mga bahagi ng banal na huwaran ng pagbabayad-sala, pagkabuhay na muli, at pagpapanumbalik sa pamamagitan ni Jesucristo. Ang sagrado at simbolikong pagkakaugnay na ito ay hindi aksidente o nagkataon lamang. Ipinagdiriwang ng Linggo ng Palaspas, Semana Santa, at Pasko ng Pagkabuhay ang Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Muli ni Cristo. Ngayong araw, tuwing Abril 6 ginugunita natin ang pagkakatatag at pagkakabuo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ang Pagpapanumbalik na ito ang dahilan kung bakit nagtitipon tayo tuwing unang Linggo ng Abril sa pangkalahatang kumperensya.

Ang pagpapanumbalik ay dumating din nang ibalik ng nabuhay na muling si Jesucristo, Moises, Elias, at Elijah ang mga susi at awtoridad ng priesthood sa bagong inilaan na Kirtland Temple noong Linggo ng Pasko ng Pagkabuhay, 1836. Sa tagpong iyon noong araw na iyon sa ipinangunumbalik na Simbahan ni Jesucristo, dumating ang awtoridad at mga pagpapala ng Diyos na tipunin ang Kanyang mga anak, ihanda ang Kanyang mga anak na bumalik sa Kanya, at pagbuklurin ang mga pamilya para sa kawalang-hanggan. Ang pagpapanumbalik sa araw na iyon ay katuparan ng propesiya dahil naganap ito sa Pasko ng Pagkabuhay at Paskua.

Kabilang ang Kirtland Temple, binisita ko kamakailan ang mga sagradong lugar sa Ohio kung saan nakita ni Propetang Joseph at ng iba pa sa pangitain ang Diyos Ama at ang Kanyang Anak na si Jesucristo. Nakita ni Propetang Joseph ang mga kaganapan sa langit. Sa langit, ang Ama sa Langit, sa pamamagitan ni Jesucristo, ay "inililigtas ang lahat ng gawa ng kanyang mga kamay" sa isang kaharian ng kaluwalhatian. Maliban lamang ang mga yaon na sadyang "itinakwil ang Anak matapos siyang ipahayag ng Ama."

Nang magsimula ang Kanyang ministeryo sa

His mission to bless us each with all we are willing to receive—in every time, every land, every circumstance. After fasting 40 days, Jesus went into the synagogue and read, “The Spirit of the Lord is upon me, because he hath anointed me to preach the gospel to the poor; he hath sent me to heal the brokenhearted, to preach deliverance to the captives, and recovering of sight to the blind, to set at liberty them that are bruised.”

Poor, brokenhearted, captive, blind, bruised—that’s each of us.

The book of Isaiah continues the Messianic promise of hope, deliverance, assurance: “Ap-point unto them that mourn in Zion, ... give unto them beauty for ashes, the oil of joy for mourning, the garment of praise for the spirit of heaviness.”

Thus, we cry out, “I will greatly rejoice in the Lord, my soul shall be joyful in my God; for he hath clothed me with the garments of salvation, he hath covered me with the robe of righteousness.”

Each Easter season, we celebrate, as a symbolic whole, eternity’s great gifts through Jesus Christ: His Atonement; His (and the promise of our) literal Resurrection; Restoration of His latter-day Church with priesthood keys and authority to bless all God’s children. We rejoice in the garments of salvation and the robe of righteousness. We shout, “Hosanna to God and the Lamb!”

“For God so loved the world, that he gave his only begotten Son, that whosoever believeth in him should not perish, but have everlasting life.”

May we each find in Jesus Christ atonement, resurrection, and restoration—peace, becoming, and belonging—that which is enduringly real and joyful, happy and forever, I pray in His holy name, Jesus Christ, amen.

mundo, ipinahayag ni Jesus ang Kanyang misyon na pagpalain ang bawat isa sa atin ng lahat ng handa nating tanggapin—sa bawat panahon, sa bawat lupain, sa bawat sitwasyon. Pagkatapos mag-ayuno nang 40 araw, si Jesus ay nagpunta sa sinagoga at nagbasa, “Ang Espiritu ng Panginoon ay nasa akin, sapagkat ako’y hinirang niya upang ipangaral ang magandang balita sa mga dukha; [pagalingin ang bagbag ang puso]. Ako’y sinugo niya upang ipahayag ang paglaya sa mga bihag, at ang muling pagkakaroon ng paningin sa mga bulag, upang palayain ang mga naaapi.”

Mga dukha, bagbag ang puso, bihag, bulag, naaapi—iyan ang bawat isa sa atin.

Ipinagpatuloy sa aklat ni Isaia ang mga pangako ng Mesiyas na pag-asa, kaligtasan, kati-yakan: “Pagkalooban sila na tumatangis sa Zion ... bigyan sila ng putong na bulaklak sa halip na mga abo, sa halip na pagtangis ay langis ng kagalakan, sa halip na lupaypay na diwa ay damit ng kapurihan.”

Kaya, ipinapahayag natin, “Ako’y magagalak na mabuti sa Panginoon, ang aking buong pagkatao ay magagalak sa aking Diyos, sapagkat binihisan niya ako ng mga damit ng kaligtasan, kanyang tinakpan ako ng balabal ng katuwiran.”

Tuwing Pasko ng Pagkabuhay, ipinagdiriwang natin, bilang simbolikong kabuuan, ang dakilang kaloob ng kawalang-hanggan sa pamamagitan ni Jesucristo: ang Kanyang Pagbabayad-sala; ang Kanyang literal (at ang pangako sa atin) na Pagkabuhay na Muli; ang Pagpapanumbalik ng Kanyang Simbahan sa mga huling araw na may mga susi at awtoridad ng priesthood upang pagpalain ang lahat ng anak ng Diyos. Nagagalak tayo dahil sa mga damit ng kaligtasan at balabal ng katuwiran. Tayo ay sumisigaw ng “Hosanna sa Diyos at sa Kordero!”

“Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay niya ang kanyang tanging Anak, upang ang sinumang sa kanya’y sumampalataya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.”

Nawa’y matagpuan natin sa pagbabayad-sala, pagkabuhay na muli, at pagpapanumbalik ni Jesucristo—ang kapayapaan, maging, at pagiging kabilang—na tunay na nagtatagal at puno ng galak, saya at walang-hanggan, ang dalangin ko sa Kanyang banal na pangalan, si Jesucristo, amen.